# Mga Pangunahing Tuntunin sa Pagpapaunlad ng Pagtuturo ng Wikang Hapon sa mga Dayuhang Residente sa Lalawigan ng Shizuoka (●.2025)

ふぃりぴんご

Dumarami ang mga dayuhang residente sa Lalawigan ng Shizuoka. Maging ang nasyonal na pamahalaan ay bumubuo ng mga bagong batas at programa dahil sa inaasahang ang patuloy na pagdami ng mga dayuhang residente. Dahil lalong nagiging mahalaga ang pagtuturo ng wikang Hapon sa mga dayuhan, nagtalaga ang Lalawigan ng "Mga Pangunahing Tuntunin sa Pagpapaunlad ng Pagtuturo ng Wikang Hapon sa mga Dayuhang Residente sa Lalawigan ng Shizuoka"

## Mga Pangunahing Tuntunin sa Pagpapaunlad ng Pagtuturo ng Wikang Hapon

**Layunin**

Ang pagpapaunlad ng pagtuturo ng wikang Hapon ay **mahalaga sa pagbuo ng komunidad kung saan ang lahat ay masigla at may pagpapahalaga sa iba't-ibang kultura.**

**Tungkulin**

<Hakbangin ng Lalawigan>

**Pagtitibayin ang pagtuturo ng wikang Hapon sa lahat ng bahagi ng lalawigan.**

<Inaasang Hakbangin ng mga Sektor>

**Lungsod at Bayan**: Palawigin ang pagtuturo ng wikang Hapon

**Pribadong Sektor**: Tiyakin na ang mga dayuhang manggagawa ay makapag-aral ng wikang Hapon

**Mga Samahan**: Makipagtulungan sa pamahalaan na mapalawig ng pagtuturo ng wikang Hapon

**Mga Unibersidad at Institusyon**: Pagtibayin ang pagtuturo ng wikang Hapon na magagamit sa trabaho o pag-aaral

**Mamamayan**: Makibahagi sa pagbuo ng multikultural na komunidad

Mga Dayuhan ▶ Mag-aral ng wikang Hapon at makisali sa mga gawain ng pamayanan.

Mga Hapon ▶ dumalo sa mga klase sa wikang Hapon at makipag-usap gamit ang madaling wikang Hapon

## Mga Hakbang ng Lalawigan para sa Pagpapaunlad ng Pagtuturo ng Wikang Hapon

### Kabataan

**Titiyakin na ang mga bata ay matututo nang maayos**

- Tutulungan ang mga bata na makapasok sa paaralan
- Magbibigay suporta sa mga guro at paaralan
- Ipapabatid ang impormasyon sa iba't-ibang wika.
- Magbibigay paliwanag para sa mga magulang

### Exchange Student

**Tutulungan ang mga exchange student na makapamuhay sa Lalawigan nang pangmatagalan**

- Susuportahan sa pag-aaral ng wikang Hapon na magagamit sa trabaho at araw-araw na pamumuhay
- Tutulungan na makahanap ng trabaho sa Lalawigan

### Manggagawa

**Ang mga manggagawa ang nagpapasigla sa kumpanya. Tutulungan ng Lalawigan ang mga kumpanya.**

- Babahagian ng impormasyon tungkol sa mga nagtuturo at mga materyal sa pag-aaral ng wikang Hapon
- Papalawigin ang charter(karta) para sa mga manggagawa

### Edukasyon ng Pamayanan

**Lilikha ng isang pamayanan na may pag-unawa sa isa't-isa sa pamamagitan ng pagsulong ng pagtuturo ng wikang Hapon**

- Susuportahan ang pagtuturo ng wikang Hapon sa mga bayan
- Sisikaping mabawasan ang mga bayan na hindi natuturuan ng wikang Hapon
- Pararamihin ang mga nagtuturo ng wikang Hapon